PAGMEMENSAHE SA MGA DULUGAN/SUPORTA

- ❑ Alam namin na ito ay isang nakakabalisa na oras para sa aming pamayanan at ang aming puso ay para sa mga may karamdaman, nawalan ng mga miyembro ng pamilya, nawalan ng trabaho at nakakaranas ng mga paghihirap na dulot ng pandemikong mga hakbangin at pagpapagaan.
- ❑ Ang aming mga saloobin ay kasama ng lahat ng aming pamilya at mga bata na apektado.
- ❑ Pakitandaan na may mga ulat ng mga estudyanteng na-stigmatize o na-bully. Hinihimok namin ang aming mga miyembro ng pamayanan na tulungan maiwasan ang anumang diskriminasyon at igtalang ang privacy ng aming mga miyembro ng komunidad. Hinihimok namin ang bawat isa sa aming komunidad na pakitunguhan ang bawat isa nang may pakikiramay, respeto, at kabaitan sa aming pagtatrabaho upang mapanatiling malusog ang aming pamayanan at ligtas sa pisikal at emosyonal.
- ❑ Tingnan ang COVID-19 Frequently Asked Questions sa SUSD website.

STRATEHIYA NG KOMUNIKASYON PARA SA KAWANI NG SITE NG PAARALAN AT ADMINISTRAYON

- ❑ Itaguyod at i-advertise ng malawak ang isang webpage para sa napapanahon na impormasyon sa pagpapalano, tugon sa pandemiko at mga inaasahan para sa mga kawani, mag-aaral, at pamilya.
- ❑ Gumamit ng Mga Komunikasyon upang maipamahagi ang tumpak na impormasyon.
- ❑ Pagsasanay ng mga liaison ng pamayanan na kasalukuyang nasa mga site ng paaralan.
- ❑ Mga pagpupulong kasama ang mga komite sa paaralan.
- ❑ Mga anunsyo sa oras ng pag-aaral - bago ang paaralan, sa pagitan ng mga klase, bago ang pahinga upang mapalakas ang mga alituntunin sa personal na kalinisan.
- ❑ Magtalaga ng isang kawani/liaison ng pamayanan o mga liaison upang maging responsable para sa pagtugon sa mga alalahanin sa COVID-19. Dapat malaman ng mga empleyado kung sino sila at kung paano makipag-ugnay sa kanila.

- ❑ Gumamit ng lahat ng mga tawag, lahat ng email, mga liham na superintendent, mga website ng site ng paaralan, mga teksto ng paalala.
- ❑ Gumamit ng mga electronic billboard/marquis.
- ❑ Gumamit ng mga banner, karatula sa pamamagitan ng paaralan para bigyang diin ang pagmemensahe.
- ❑ Ibigay ang pagsasalin ng mga komunikasyon batay sa mga threshold na wika ng pamayanan.




PAGPAPANATILI SA ISA'T ISANG MALUSOG SA PANAHOON NG COVID-19



Pagsusuri sa Kalusugan Araw-araw Bago Pumasok sa Paaralan: Suriin ang temperatura ng iyong anak at maghanap ng mga palatandaan ng karamdaman. Dapat manatili sa bahay ang anak niyo kung sila ay:

- May alinman sa mga sintomas na ito o na-diagnose na may COVID-19
- Ay pinayuhan na ihiwalay o mag-quarantine ng iyong doktor o departamento ng kalusugan
- May kamakailang kontak sa taong may COVID-19
- Kamakailangang nagbiyahe sa ibang lugar sa labas ng U.S.



Mangyaring tandaan na ang iyong anak ay maaaring kailanganing manatili sa bahay at lumahok sa pag-aaral sa malayo hanggang sa 10-14 araw batay sa mga patnubay sa kalusugan ng publiko. Iulat ang kawalan ng iyong anak at mga sintomas sa paaralan araw-araw.

Gumamit ng Kalinisan sa Pag-ubo/Pagbahing

Turuan ang mga batang bumahing sa tisyu o siko. Itapon ang tisyu sa basurahan. Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer. Huwag hipuin ang mukha mo.

Magsagawa ng Kalinisan ng Kamay

Dapat maghugas ng kamay ang mga estudyante bago umalis sa bahay at makauwi. Ang lahat ng mga estudyante ay maghuhugas ng kamay nang madalas o gagamit ng hand sanitizer sa paaralan.

Gumamit ng Mga Telang Pantakip ng Mukha sa Paaralan

Ang mga bata ay dapat na pumunta sa paaralan na may tela na takip sa mukha, maliban kung sinabi ng isang doktor na huwag, o ang bata ay hindi ligtas na maakasuot ng isa dahil sa kanilang antas sa development. Hugasan ang takip ng mukha ng tela araw-araw sa bahay. Maaaring makakuha ng mga pantakip sa mukha sa paaralan kung kinakailangan.

Magpanatili ng Physical Distancing sa Paaralan

Manatiling 6 na talampakan man lang ang layo mula sa ibang tao. Ang espasyo ang pinakamahusay na paraan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Huwag bumuo ng mga pangkat kasama ng mga ibang magulang sa paghahatid at pagsundo.



MGA INAATAS SA PANANATILI SA BAHAY AY PAGBABALIK SA PAARALA PARA SA MGA ESTUDYANTE AT KAWANI SA PANAHON NG COVID-19



Ang mga patakarang ito ay dapat batay sa pampublikong kalusugang patnubay mula sa CDC. Para sa anumang pagbabalik sa paaralan sa labas ng mga patnubay na ito, ang mga estudyante ay dapat magdala ng tala ng doktor. Kontaking ang nurse ng paaralan niyo kung may mga tanong kayo tungkol sa pagbabalik sa paaralanmatapos magkasakit.

Panatiliin sa bahay ang anak mo kung mayroon silang anuman sa mga sumusunod na sintomas:

- Lagnat o pangangatog
- Pag-ubo
- Kapaguran
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Masakit na ulo
- Pagtatae
- Bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Masakit na lalamunan
- Kakapusan ng paghinga o hirap sa paghinga
- Pagduruwal o pagsusuka
- Baradoo tumutulong ilong

Panatiliin ang anak niyo sa bahay kung sinabihan silang mag-quarantine o mag-isolate dahil sa mga pag-iingat sa COVID-19:

- Pinayuhan na ihiwalay o mag-quarantin ng iyong doktor o departamento ng kalusugan
- Kamakailang may kontak sa taong may COVID-19
- Ay na-diagnose na may COVID-19
- Kamakailangang nagbiyahe sa ibang lugar sa labas ng U.S.

Kung hindi nakapasok ang iyong anak ang paaralan tawagan ang tanggapan ng paaralan araw-araw at iulat ang mga sintomas ng iyong anak.

Maaaring bumalik ang anak niyo sa paaralan makalipas ng:

- Wala silang mga sintomas na nakalista sa itaas nang hindi bababa sa 24 na oras (isang buong araw) nang hindi ginagamit ang gamot, **AT**
- Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas mula noong araw na unang lumitaw ang mga sintomas.

*Ang pagbabalik sa mga alituntunin sa paaralan ay tinanggal ang "iba pang mga sintomas ay napabuti" mula sa inirekumenda ng CDC na mga alituntunin na may hangaring panatilihing malayo ang mga tao sa anumang mga sintomas ng karamdaman mula sa paaralan upang maprotektahan ang kalusugan ng ibang mga estudyante at kawani. Sa lahat ng mga kaso, sundin ang patnubay ng iyong doktor at lokal na departamento ng kalusugan.

Ang mga batang may hindi nakakahawang mga malalang kondisyon ay hindi dapat maibukod mula sa pagpasok sa paaralan. Halimbawa, ang isang bata na may mga sintomas sa allergy ay maaaring magkaroon ng pagbabara, ngunit hindi isang dahilan upang maibukod ang bata mula sa paaralan.

Mangyaring ipagbigay-alam sa paaralan kung ang iyong anak ay may malalang kondisyon tulad ng allergy, hika, o migraine upang maiwasan ang hindi kinakailangang pagbukod. Kung may mga katanungan tungkol sa mga indibidwal na kaso, makipag-ugnay sa iyong nurse sa paaralan o mga serbisyong pangkalusugan.

Mga Pinagkunan:

[Considerations for Schools.In-update Mayo 19, 2020. CDC Steps to prevent the spread of COVID-19 if you are sick. CDC Quarantine and Isolation. CDC](#)



MGA INAATAS SA SCREENING PARA SA LAHAT NG TAONG PUMAPASOK SA MGA SITE NG PAARALAN



Mga pandaigdigang pamamaraan sa screening ng mga estudyante ay kawani ay nagpapababa sa peligrong makahawa ng sakit kabilang ang COVID-19 sa paaralan.

- Ang Qualtrics COVID-19 Self Check System ay gagamitin para sa:
 - Ang mga estudyante at kawani ay ii-screen para sa sintomas ng COVID-19; ang mga may sakit na estudyante o kawani ay ihihiwalay mula sa ibang tao at pauwiin agad.
 - Pang-araw-araw na Pagsusuri sa Sariling Kalusugan: Kinakailangan ang mga kawani at estudyanteng subaybayan ang sarili para sa mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, at kakapusan sa paghinga. Inirerekumenda na ang isang indibidwal ay hindi pumasok sa trabaho o paaralan kung nararamdaman ang alinman sa mga sintomas ng COVID-19. Ang Stockton Unified School District ay nagtatag ng isang ligtas na sistema ng pagsubaybay para sa contact tracing na sumusunod sa patnubay mula sa mga propesyonal sa kalusugan upang siyasatin ang mga kaso at contact ng COVID-19. Kailangang bahagi ang contact tracing sa muling pagbubukas ng mga paaralan dahil kailangan nating panatiliin ang kaligtasan ng ating kawani, mga estudyante at komunidad.
- Aabisuhan ang mga empleyado ng SUSD na umuwi at kontakin ang Risk Management. Ang site administrator o department lead ay mag-aabiso din sa Risk Management.
- Ang mga estudyante ng SUSD, ang site ay gagawa ng agarang kontak sa pamilya. Habang hinihintay ang pamilya na sunduin ang estudyante, ang mga estudyante ay ihihiwalay at subaybayan nang naaayon.
- Mga pagkilos na gagawin ng kawani kapag may kumpirmadong kaso. Ang lahat ng (mga) paaralan ay magkakaroon ng (mga) itinalagang tauhan na kawani na susuporta sa contact tracing upang makipagtulungan at makipag-ugnay sa departamento ng Health Services ng SUSD, RISK Management, at tanggapan ng COVID Management.
- Ang Stockton Unified School District ay nagtatag ng isang ligtas na sistema ng pagsubaybay para sa contact tracing na sumusunod sa patnubay mula sa mga propesyonal sa kalusugan upang siyasatin ang mga kaso at contact ng COVID-19.
- Ang Qualtrics electronic COVID-19 Self Check management system ay ipinatupad. Kailangang bahagi ang contact tracing sa muling pagbubukas ng mga paaralan dahil kailangan nating panatiliin ang kaligtasan ng ating kawani, mga estudyante at komunidad.

MGA PINAGKUNAN:

- [Coronavirus Response and Reopening Guidance; cde 2020](#)
- [Considerations for Schools. Updated May 19, 2020, CDC.](#)
- [San Joaquin County COVID Updates and Resources](#)
- [Steps to prevent the spread of COVID-19 if you are sick. CDC Quarantine and Isolation. CDC](#)



MGA INAATAS SA PERSONAL NA KALINISAN PARA SA MGA ESTUDYANTE AT KAWANI SA PANDEMIONG COVID-19



Ang COVID-19 ay kadalasang kinakalat ng mga respiratoryong droplet na pinakawalan kapag ang mga tao ay nakikipag-usap, kumakanta, tumawa, umubo, o bumahing. Iniisip na ang virus ay maaaring kumalat sa mga kamay mula sa isang kontaminadong surface at pagkatapos ay sa ilong, bibig, o mga mata na sanhi ng impeksyon. Ang mga kasanayan sa personal na pag-iwas, tulad ng paghuhugas ng kamay, paggamit ng mask at etiquette sa pag-ubo/pagbahing ay mahalagang mga prinsipyo upang mabawasan ang pagkalat. (CDC)

MADALAS MAGHUGAS NG MGA KAMAY

Ang lahat ng mga estudyante at kawani ay dapat madalas maghugas ng mga kamay. Kung walang sabon at tubig gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer. Ang mga sumusunod na patnubay ay nirerekomenda sa mga setting ng paaralan.

MAHUGAS NG MGA KAMAY O GUMAMIT NG HAND SANITIZER:

- Sa pagdating sa site ng paaralan
- Bago kumain
- Bago umalis sa site
- Sa pagpasok sa anumang bagong silid-aralan
- Kapag gumagamit ng banyo
- Kapag nakikitang madumi
- Matapos gumamit ng tisyu, umubo sa mga kamay
- Sa pagdating sa bahay

*Mga nakikitang karatula at paalala sa mabisang paghuhugas ng kamay at paggamit ng sanitizer sa lahat ng mga estudyante at kawani.

GUMAMIT NG MGA FACE MASK

Ang isang telang takip sa mukha ay dapat na isuot ng lahat ng mga indibidwal sa mga site ng paaralan maliban kung hindi ito inirerekomenda ng isang doktor o hindi naaangkop para sa antas ng development ng indibidwal.

KAILAN MO PUWEDENG ALISIN ANG MASK?

- Ang mga taong kumakain o umiinom, sa kundisyon na mapapanatili nila ang distansya na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi miyembro ng iisang sambahayan o tirahan.
- Mga taong nauugnay sa panlabas na trabaho o libangan kapag mag-isa t kayang magpanatili ng distansiya ng anim na talampakan man lang mula sa ibang tao.
- Nakikitang karatula na mga paalala sa angkop na paggamit at pangangasiwa ng mga face mask sa lahat ng mga estudyante at kawani.

ITAGUYOD ANG RESPIRATORYONG KALINISAN

Palakas ang etiquette sa pag-ubo/pagbahing kabilang ang paggamit ng mga tisyu at siko sa pamamagitan ng karatula, pagsasanay, at mga aralin.

MAGPANATILI NG 6 NA TALAMPAKAN MAN LANG ANG LAYO MULA SA IBANG TAO

Ang pagpapanatili ng distansya mula sa iba ay ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang mahantad sa mga nilabas sa paghinga na pinatalsik sa hangin kapag ang ibang mga tao ay nagsasalita, umubo o humihinga.

Mga Pinagkunan:

[Considerations for Schools. In-update Mayo 19, 2020, CDC.](#)

[When and How to Wash Hands, CDC.](#)

[Use of Face Coverings to Help Slow the Spread of COVID-19, CDC.](#)



PAUNANG LUNAS, MGA PAMAMARAAN SA NURSING, GAMOT AT PINALAWAK NA PANGANGAILANGAN PARA I-ISOLATE ANG MGA MAY SAKIT NA ESTUDYANTE



Ang mga paunang lunas na sitwasyon, sa antas na posible, ay dapat pangasiwaan ng estudyante at sa silid-aralan para mapigilan ang pagsasama-sama sa opisina at posibleng cross exposure. Ginawa ang mga sumusunod na rekomendasyon:

Ang lahat ng mga silid-aralan ay dapat bigyan mga supply sa paunang lunas para sa mga maliit na alalahanin. (hal. mga gasgas, pagdurugo ng ilong, kagat ng insekto). Maaaring kasama sa mga bagay ang mga band aid, guwantes, gasa, sabon, papel na tuwalya, atbp. Sa hangganang posible, bigyan ang mga estudyante ng pag-aalaga sa sarili. Ang mga estudyante na masama ang pakiramdam ay magsusuot ng tela na takip sa mukha kapag ipinadala sa opisina at dapat dalhin ang kanilang mga gamit.

Ang mga estudyante na nangangailangan ng pangunang lunas, gamot, mga pamamaraang medikal, na may sakit, o na dating inalagaan sa tanggapan ng kalusugan ay kailangan na ihiwalay sa mga itinalagang lugar ng **pangangalaga sa walang sakit at may sakit**. Ang lugar ng pangangalaga sa may sakit ay dapat nakahiwalay na espasyo na itinakda para panatiliing hiwalay ang mga estudyanteng may posibleng sintomas ng COVID-19 mula sa mga estudyanteng walang sakit.

Habang pumapasok ang mga estudyante sa opisina na may hindi naka-schedule na pangangailangan, kung nagreklamo sila sa mga sintomas ng sakit, tanungin kung nakasama sila sa isang tao na may COVID-19 o may mga palatandaan at sintomas ng COVID-19. Kung oo, ipadala agad sa COVID-19 isolation (kuwarto ng may sakit), tawagan ang magulang at pauwiin.



Lugar ng Walang Sakit na Estudyante

Lugar ng May Sakit na Estudyante/Lugar ng Sintomas ng COVID-19

<p>Paunang Lunas Mga Gamot sa Seizures Gutom Diabetes Asal Pag-aalaga sa Hika Pagod Mga Allergy Ligalig</p>	<p>Lagnat (100 degrees o mas mataas) Bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy Pag-ubo Masakit na lalamunan Kakapusan ng paghinga o Hirap sa paghinga Baradoo tumutulong ilong Pagduruwal o pagsusuka, pagtatae Pananakit ng kalamnan o katawan Masakit na ulo</p>
<p>Pagkakawani: Isang may kasanayang miyembro ng kawani, nurse ng paaralan, o kawaning medikal ang magbibigay ng pag-aalaga.</p>	<p>Pagkakawani: Isang may kasanayang miyembro ng kawani, nurse ng paaralan, o kawaning medikal ang magtatasa at magbibigay ng pag-aalaga. Kung hiwalay na kuwarto ito, maaaring kailanganin ng karagdagang kawani para subaybayan ang mga estudyante kung hindi nakikita ng miyembro ng kawani na nagbibigay ng pag-aalaga sa walang sakit na estudyante.</p>
<p>PPE: Ang kawaning nagbibigay ng pag-aalaga ay magsusuot ng telang pantakip ng mukha at gagamit ng mga karaniwang pag-iingat kung nasa peligrong ma-expose sa dugo o mga fluid ng katawan.</p>	<p>PPE: Ang kawani ay dapat magsuot ng guwantes, disposable mask, at proteksiyon sa mata/face shield.</p>
<p>Mga pangangailangan sa kuwarto: Pag-isipang gamitin ang kasalukuyang opisina ng nurse na naka-set up na para sa paunang lunas. May magagamit na lababo, sabon at mga papel na tuwalya May access sa banyo Cot at/o mga silya para sa mga nagpapahingang estudyante Mesa, counter, o desk Mga supply para sa paunang lunas Gamot at procedure Computer o laptop para ma-access ang IC para kontakin ang mga magulang</p>	<p>Mga pangangailangan sa kuwarto: Isaalang-alang ang paggamit ng isang hiwalay na kuwarto o ilipat ang pag-aalaga ng may sakit sa isang malaking silid na maaaring paghiwalayin ang walang sakit at may sakit na mga estudyante ng mahigit sa 6 talampakan at hadlang. Dapat ay may mabuting bentilasyon ang kuwarto (buksan ang mga bintana at pintuan) Isaalang-alang ang hadlang tulad ng plexiglass sa pagitan ng kawani at mga may sakit na estudyante Magkaroon ng lababo, sabon at mga papel na tuwalya Magkaroon ng access sa malapit na banyo Cot at mga silya para sa mga naghihintay na estudyante Telepono Mesa, counter, o desk Computer o laptop para ma-access ang IC para kontakin ang mga magulang</p>
<p>Mga Supply Mga supply para sa paunang lunas PPE - guwantes at masks Sabon at mga papel na tuwalya Inuming tubig Pantakip na papel sa cot Mga pang-disinfect na supply - mga solusyon at mga papel na tuwalya</p>	<p>Mga Supply PPE - guwantes, masks, face shield Thermometer Inuming tubig Sabon at mga papel na tuwalya Mga pang-disinfect na supply - mga solusyon at mga papel na tuwalya Pantakip na papel sa cot</p>
<p>Pamamaraan sa walang sakit na estudyante: Dapat maghugas ng kamay ang estudyante sa pagdating Lagyan ng takip ng mukha ang estudyante kung wala pang suot. Gumamit ng mga karaniwang pag-iingat kapag tinutulungan ang mga estudyante sa paunang first aid o mga pamamaraan I-disinfect surface matapos umalis ang estudyante at bago gamitin ng ibang tao</p>	<p>Pamamaraan sa may sakit na estudyante Dapat maghugas ng kamay ang estudyante sa pagdating Gumamit ng mga karaniwang pag-iingat kapag tumutulong sa mga esudyante na may sakit - para sa pinaghihinalang COVID-19 kasama dito ang mask, face shield, at guwantes Magbigay ng pangangalaga sa pagpapanatili ng higit na distansya at kaunting kontak hangga't maaari Tanungin kung nakasama sila sa isang tao na may COVID-19 o may mga palatandaan at sintomas ng COVID-19 Kunan ng temperatura. Magtanong tungkol sa at idokumento ang anumang sintomas Tumawag sa magulang/tagapag-alaga para sa agarang pagsundo Kung hindi masundo ng magulang/tagapag-alaga ang mga estudyante, isaalang-alang ang mga pamamaraan para sa pag-aayos ng transportasyon papunta sa kanilang tahanan Bigyan ang magulang/tagapag-alaga ng Manatili sa Bahay/Kailan Babalik sa Paaralan ng mga patnubay (Appendix B) I-disinfect ang lahat ng surface matapos umalis ang estudyante at bago gamitin ng ibang tao Kung ipinahiwatig ng mga sintomas na hinihinalang COVID-19 makipag-ugnay sa iyong nurse ng paaralan o Health Services: Sundin ang Mga Patnubay sa Nakakahawang Sakit sa pag-aabiso sa Health Services para sa posibleng pagkalat ng mga nakakahawang sakit</p>

MGA PATNUBAY SA PAG-AALAGA NG MGA MAY SAKIT **NA ESTUDYANTE**



Dapat ihanda ng mga site ang pangangalaga sa mga estudyante at kawani kapag nagkasakit sila sa paaralan. Dahil sa panganib na posibleng mailipat ang COVID-19 sa iba, ang mga indibidwal na may mga sintomas ng sakit ay dapat na agad na ihiwalay sa isang lugar na nakabukod. Ang mga indibidwal na may sakit ay dapat umuwi o sa isang pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan depende sa kalubhaan ng kanilang mga sintomas.

Ang mga estudyanteng may sakit ay dapat manatili sa Sick Student Area hanggang sunduin ng magulang/tagapag-alaga.

- Dapat ay mabuti ang bentilasyon ng kuwarto - ang mga pintuan ay naiwang nakabukas nang husto.
- Manatiling 6 na talampakan ang layo mula sa ibang tao
- Ang mga indibidwal na may sakit ay dapat magsuot ng disposable mask/takip sa mukha.
- Ang kawani ay dapat gumamit ng mga karaniwang pag-iingat sa COVID-19 kapag tinutulungan ang mga estudyanteng may sakit
- Magpanatili ng 6 na talampakan man lang na distansiya at limitahin ang kontak hangga't posible.

Bigyan ang magulang/tagapag-alaga ng mga tagubilin sa Pananatili sa Bahay at Kailan Babalik sa Paaralan.

Kung hindi masundo ng magulang/tagapag-alaga ang mga estudyante, isaalang-alang ang mga pamamaraan para sa pag-aayos ng transportasyon papunta sa kanilang tahanan.

I-disinfect ang lahat ng surface matapos umalis ang estudyante at bago gamitin ng ibang tao.

Kung naghihinala sa COVID-19 sundin ang Mga Patnubay sa Nakakahawang Sakit sa pag-aabiso sa Student Support & Health Services sa posibleng pagkalat ng mga nakakahawang sakit.

MGA PINAGKUNAN:

- Opening Schools Guidelines. California Department of Education. Hunyo 2020
- COVID-19 Health Services Recovery Plan Resource in Educational Settings, California School Nurse Organization. Hunyo 8, 2020. Mga Konsiderasyon para sa Mga Paaralan. In-update Mayo 19, 2020, CDC.
- When and How to Wash Hands, CDC.
- Use of Face Coverings to Help Slow the Spread of COVID-19, CDC.
- San Joaquin County 2020-2021 School Year Planning Guide. San Joaquin County Office of Education



PAGSASANAY SA KAWANI, MGA MAGULANG AT MGA ESTUDYANTE



PAGSASANAY NG KAWANI

- Rationale para sa mga patnubay ng distrito
- Sariling screening at kailan mananatili sa bahay
- Mga patnubay sa physical distancing at ang kahalagahan ng mga ito
- Paggamit ng mga takip sa mukha
- Mga kasanayan sa screening
- Pagkilala sa sintomas ng COVID-19 at kung ano ang gagawin
- Pagsasanay sa paglilinis at disinfection

PAGSASANAY NG ESTUDYANTE

- Ano ang Covid-19?
- Sariling screening at kailan mananatili sa bahay.
- Mga pag-iingat na ating ginagawa at bakit - mga patnubay sa pagdidistansiya, pagtakip ng mukha, paghuhugas ng kamay, pananatili sa bahay.
- Paano Maghugas ng Kamay
- Kailan magsusuot ng acemask.
- Ano ang 6 na talampakan
- Paglilinis sa espasyo nila

PAGSASANAY NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA





- Ano ang COVID-19?
- Rationale para sa mga patnubay ng distrito
- Sariling-screening. Kailan pananatiliin ang mga estudyante sa bahay kung may sakit sila at tagal ng oras na dapat silang manatili sa bahay.
- Pagkuha at pagsubaybay sa mga temperatura sa bahay.
- Mga pag-iingat sa kalinisan ng katawan - pagdidistansiya, pagtakip ng mukha, paghugas ng kamay
- Pangangailangan sa tumpak na impormasyon sa pagkontak at maramihang pang-emerhensiyang kontak
- Kahalagahan ng mabilis na pagpunta sa paaralan para sunduin ang anak, kapag tinawagan



MGA SUHESTIYON SA PAGSESET-UP NG MGA SILID-ARALAN



Upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa paaralan, gagamit kami ng isang kumbinasyon ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at masira ang kadena ng impeksyon. Ang bawat espasyo at pangkat ng mga bata ay magkakaiba, ang ideya ay upang i-minimize ang panganib na makahawa gamit ang

 Physical Distancing	 Kalinisan ng Kamay at Mga Surface na Madalas Nahihipo	 Mga Telang Pantakip ng Mukha	 Etiquette sa Pag-ubo/Pagbahing
<p>Baguhin ang ayos ng mga desk at karaniwang espasyong upuan para ma-maximize ang espasyo (6 na talampakan) sa pagitan ng mga kalahok at sa harap ng kuwarto - 3 talampakang radius). Gumamit ng mga visual aid para makatulong na ikomunika sa tamang distansiya (hal. hula hoop, tape sa carpet, haba ng braso).</p>	<p>Gumawa ng rutina sa paghuhugas ng kamay o hand sanitizer sa pagpasok sa silid-aralan. Maglagay ng mga bote ng hand sanitizer sa pasukan. Magpahintulot ng oras sa paghuhugas ng kamay o paggamit ng alcohol-based na hand sanitizer bago kumain at sa pagbabalik sa silid-aralan.</p>	<p>Modelong may suot na takip sa mukha sa silid-aralan. Magbigay ng access sa mga telang pantakip ng mukha sa mga pasukan. Telang Pantakip ng Mukha para sa Mga Bata Sa Panahon ng COVID-19</p>	<p>Maglagay ng facial tissue para magamit sa silid-aralan, o mga pakete ng tisyu sa supot para sa bawat estudyante.</p>
<p>Pihitin ang mga desk para humarap sa parehong direksiyon (sa halip na magkakaharap) para mabawasan ang paghawa na dulot mula sa mga droplet na naglalaman ng virus (hal., mula sa pagsasalita, pag-ubo, pagbahing).</p>	<p>Iwasan ang mga supply ng pamayanan kapag posible. Kung kailangan ang mga supply na paghihiraman, pag-isipang gumamit ng mga designadong bin para sa maliinis at gamit na supply.</p> <p>Ang mga supply ng pamantayan ay tinuturing na madalas nahihipo at dapat madalas linisin.</p>	<p>Dekorasyonan ang mga telang pantakip ng mukha bilang aktibidad ng klase.</p>	<p>Magsabit ng mga poster sa Pagtatakip ng Inyong Ubo, Hugasan ang Inyong Mga Kamay, at Manatili sa Bahay Kung May Sakit kayo sa inyong kuwarto.</p>
<p>Magsagawa ng mga klase sa labas at hikayatin ang mga kalahok na maglayo-layo kailanman posible</p>	<p>Siguruhin ang mga sapat na supply para mabawasan ang paghihirapan ng mga materyales na madalas nahihipo sa hanggang posible, magtalaga ng mga supply sa iisang estudyante, o limitahin ang paggamit ng mga supply at kagamitan ng isang pangkat ng mga bata nang paisa-isa at maglinis at mag-disinfect sa pagitan ng paggamit</p>	<p>Hikayatin ang mga estudyanteng magsuot ng telang pantakip ng mukha ng tama. Repasuhin kung paano magsuot nito at paano ito alisin. Hikayatin ang mga estudyanteng iwasang hipuin ang mukha nila ng mga kamay nila hangga't posible.</p>	<p>Maglagay ng bukas na ibabaw na basurahang magagamit sa silid-aralan, o mga supot sa mga indibiduwal na desk para maiwasan ang paglallakad ng mga bata sa silid-aralan.</p>
<p>Pag-isipan ang paggamit ng mga karton na "opisina" bilang mekanikal na hadlang sa pagitan ng mga estudyante</p>	<p>Huwag maghiraman ng kagamitan ang kawani, mga boluntaryo at mga kalahok, kapag posible</p>	<p>Magsabit ng mga litrato ng mga estudyante at kawani na mayroon at walang mask.</p>	<p>Magpakita ng mga video na nagtuturo ng tamang etiquette sa pag-ubo/pagbahing at paghuhugas ng kamay.</p>
<p>Gumamit ng mga nakikitang hudyat para ipakita ang pisikal na espasyo (spacing dot/ mga marker).</p>	<p>Huwag payagan ang mga estudyanteng magdala ng mga laruan o personal na gamit sa paaralan. Iwasang maghiraman ng mga electronic device, mga laruan, mga libro, at mga ibang game o pantulong sa pag-aaral.</p>	<p>Gumawa ng sistema para maipahiwatig ng mga estudyante and inis o pakiramdam nila (hal. mga desk card, email, atbp.) dahil ang mga facial expression ay maaaring mahirap malaman habang may suot na telang takip sa mukha.</p>	<p>Pag-isipan ang mga paraan para pangangailangan ng mga bata at mga pamilya na nasa peligro sa malalang sakit mula sa COVID-19.</p> <p>Maghanap ng mga makikitang sakit sa mga estudyante o kawani. Ipadala ang anumang nakikitang may sakit na estudyante sa opisina.</p>
<p>Gumait ng visual aids (hal., painter's tape, mga sticker) para ipakita ang daloy ng trapiko at angkop na pag-espasyo para suportahan ang social distancing.</p>	<p>Ihiwalay ang mga pag-aari ng bata mula sa ibang tao at sa mga indibiduwal na may label na container, cubby o mga lugar. Itabi ang mga backpack/jacket sa mga desk.</p>	<p>Para sa trabaho ng pangkat, ipagpangkat ang mga estudyante sa virtual setting para mabawasan ang paggalaw ng mga estudyante sa kuwarto.</p>	<p>Limitahin ang mga boluntaryo sa silid-aralan.</p>
<p>Pahintulutan ang mga batang ipaghali ang pag-upo at pagtayo sa desk nila sa halip na paglalakad sa kuwarto. Hikayatin ang pag-unat.</p>	<p>Bigyan ang mga estudyante ng sarili nilang mga fidget toy, o gumawa ng sarili nilang espasyo sa pagpapakalma sa halip na isang fidget box o time out na espasyo sa silid-aralan</p>		



KALINISAN NG KAMAY: MGA IDEYA SA RUTINA PARA SA MGA GURO



Kapag ang nagtuturo ng paghuhugas ng kamay, ipagtibay ang konsepto ng pamayanan sa silid aralan, pinoprotektahan at pinangangalagaan ang bawat isa. Gumamit ng mga video upang magturo at maipakita ang paghuhugas ng kamay. Ikaw mismo ay magsanay sa paghuhugas ng kamay.

- Video para sa mga batang bata: [CDC - Wash Your Hands!](#) (30 segundo)
- Video para sa mga mas matandang bata: [CDC - Fight Germs, Wash Your Hands!](#) (3 minuto)
- Mga dulugan ng silid-aralan para sa pagtuturo tungkol sa paghuhugas ng kamay: [Minnesota Department of Health](#)

RUTINA SA PAGHUHUGAS NG KAMAY: PAGTUTURO SA MGA MAS BATANG ESTUDYANTE

Ang wastong paghuhugas ng kamay, lalo na para sa mga mas batang estudyante, ay maaaring maging hamon. Ang pagtaguyod ng isang rutina sa pasukan sa silid-aralan sa simula ng araw, pagkatapos ng pahinga at bago ang tanghalian ay nakakatulong upang mapanatiling malusog ang mga estudyante at kawani habang tinitiyak ang paghuhugas ay nagtatagal ng sapat upang matanggal ang mga mikrobyo. Ang mga nakikipag-ugnayan katulong (kung ninanais) ay ginagawang aktibidad ng pamayanan na protektahan ang sarili, pati na rin ang pagprotekta sa kapwa mo kklase at guro.

- **Mga Supply**
 - Pag-spray na bote na may malinis na tubig
 - Inaprubahan ng distritong pump hand soap
 - Mga papel na tuwalya at tongs
 - 3-4 katulong na estudyante (maghugas muna ng mga kamay, isuot ang takip sa mukha)
- **Pamamaraan**
 - Kapag pumila upang makapasok sa silid-aralan (habang tinitiyak ang tamang distansya)
 - Ang Katulong 1 na may spray na bote ay magbabasa sa naka-unat na mga kamay ng estudyante na nakapia
 - Maglalabas si Katulong 2 ng kaunting sabon sa mga basang kamay
 - Pagkukuskusin ng estudyante ang mga kamay at magsisimulang bumilang hanggang 20 o magha-hum ng Happy Birthday (tahimik sa sarili) o kantahin ang ABC habang dahan-dahan silang pupunta sa lababo.
 - Babanlawan ng estudyante ang mga kamay makalipas ang 20 segundo ng masigasig na pagkuskos.
 - Magbibigay ang Katulong 3 ng tuwalya (gamit ang malinis na tongs –pagsasanay sa fine motor skill)
 - Sisiguruhin ng Katulong 4 na ang mga gamit na tuwalya ay maayos na naitapon.

RUTINA SA PAGHUHUGAS NG KAMAY: MGA IDEYA SA MGA KUWARTONG WALANG LABABO

Para sa mga silid na walang lababo maaari ipagamit sa lahat ng mga estudyante ang parehong proseso tulad ng nasa itaas sa isang lababo malapit sa silid-aralan. Kung hindi ito magagawa gamitin ang hand sanitizer na may >60% na alcohol.

- **Mga Supply:** Hand Sanitizer >60% alcohol sa pump gumamit ng maraming bote
- **Pamamaraan:**
 - Ang mga estudyante ay pumipila upang makapasok sa silid-aralan na pinaghiwalay ng 6 na talampakan ang layo.
 - Ang mga Katulong na may hand sanitizer ay magbobomba ng isang laki ng dime sa nakaunat na mga kamay ng estudyante
 - Pagkukuskusin ng mga estudyante ang mga kamay, sinisigurong basain nang lubos ang lahat ng bahagi ng mga kamay, ibabaw at sa pagitan ng mga daliri



PAGPAPLANO NG IMUNISASYON AT MGA PAMPUBLIKONG KALUSUGANG KAGAWARAN



PAGPAPLANO SA IMUNISASYON


Ang mga setting ng edukasyon sa California ay tahanan ng 6.3 milyong mga bata at binubuo ng 15% ng populasyon ng California. Ang pagbabakuna na nakabatay sa paaralan ay ipinakita na isang mabisang hakbang sa pagbabakuna sa maramihang bilang ng mga bata at kabataan. Kapag may magagamit na bakuna sa COVID-19 ang distrito ay makikipag-ugnay sa San Joaquin County Public Health upang magbigay ng mga pagbabakuna. Sa mga county sa buong California, kung saan ang mga nurse ng paaralan ay naghahatid ng mga pagbabakuna sa trangkaso, ipinakita na nababawasan ang mga pagkaka-ospital ng mga bata at nadadagdagan ang pagpasok ng estudyante kung ihahambing sa iba pang mga county kung saan hindi magagamit ang mga nasabing serbisyo.

MGA NUMERO NG PUBLIC HEALTH NG COUNTY

San Joaquin County Public Health
209) 468-3400

Takpan ang Ubo mo

Pahintuin ang pagkalat ng germs na maaaring magdulot na magkasakit ka at ang mga ibang tao!



[Cover Your Cough PDF](#)



MGA SANGGUNIAN



- CAL/OSHA (2020). Interim Guidelines - General Industry. California Occupational Health Administration. Kinuha mula sa: <https://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/General-Industry.html>
- CDE (2020) Mga Patnubay sa Pagbubukas ng Mga Paaralan. California Department of Education. Kinuha mula sa: <https://www.cde.ca.gov/ls/he/hn/coronavirus.asp>
- CDC (2020). Mga Konsiderasyon para sa Mga Paaralan. In-update Mayo 19, 2020. Kinuha mula sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/schools.html>
- CDC (2020). Mga hakbang para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 kapag may sakit ka. Kinuha mula sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/if-you-are-sick/steps-when-sick.html>
- CDC (2020). Quarantine at Isolation. Kinuha mula sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/if-you-are-sick/quarantine-isolation.html>
- CDC (2020). Interim Guidance for Businesses and Employers to Plan and Respond to Coronavirus Disease 2019 (COVID-19). Kinuha mula sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html>
- CDC(2020). Cleaning And Disinfecting Your Facility. Kinuha Mula Sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prepare/disinfecting-building-facility.html>
- CDC (2020). Recommendation Regarding the Use of Cloth Face Coverings, Especially in Areas of Significant Community-Based Transmission. Kinuha mula sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/cloth-face-cover.html>
- CDC (2020). Use of Cloth Face Coverings to Help Slow the Spread of COVID-19. Kinuha mula sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/diy-cloth-face-coverings.html>
- CDPH (2020). COVID-19 Industry Guidance: Schools and School-Based Programs, California Department of Public Health. Kinuha mula sa: <https://documentcloud.adobe.com/link/review?uri=urn:aaid:scds:US:665bb33c-5f93-47a0-804a-8d3962958669>
- CSNO (2020). COVID-19 Health Services Recovery Plan Resource in Educational Settings, California School Nurse Organization. Kinuha mula sa: <https://www.csno.org/>
- OSHA (2020). Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19. Kinuha mula sa: <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>
- SJCOE (2020). San Joaquin County 2020-2021 School Year Planning Guide. San Joaquin County Office of Education. Kinuha mula sa: <https://www.sjcoe.org/healthsafety/#:~:text=On%20October%2013%2C%202020%2C%20state,schools%20in%20the%20purple%20tier>
- San Francisco Department of Public Health (2020). Paano Magsuot at Magtanggap ng Face Mask. Kinuha mula sa: <https://www.sfcddcp.org/communicable-disease/healthy-habits/how-to-put-on-and-remove-a-face-mask>
- San Joaquin County of Public Health gabay mula sa CDHP Kinuha mula sa: http://www.sjready.org/assets/docs/covid/Statewide_Public_Health_Order%208-28-2020%20Attach1.pdf

